

# LISTOS CALIFORNIA

## MGA TIP SA PAGHAHANDA PARA SA EMERGENCY



### MANATILING LIGTAS SA MGA LINDOL

Ang paghahanda para sa mga lindol at pag-alam ng gagawin pagkatapos mangyari ito ay makakapagligtas ng mga buhay. Manatiling ligtas sa pamamagitan ng pagiging handa sa lindol.

#### Bago ang Lindol



- Magsanay ng DUMAPA, SUMUKLOB, at KUMAPIT sa bahay at trabaho.
- Magkaroon ng mga segundong nagliligtas ng buhay para manatiling ligtas bago magsimula ang pagyanig sa pamamagitan ng pag-download at pag-set up ng mga alerto mula sa sistema ng Maagang Babala sa Lindol ng California sa [earthquake.ca.gov](http://earthquake.ca.gov).
- I-secure ang maluluwag at matataas na kasangkapan para mabawasan ang pinsala o banta ng pinsala.
- Magkaroon ng Go Bag at sapatos sa isang lugar na mabilis mong mahahanap kung kailangan mong lumikas.

#### Protektahan ang Iyong Sarili Sa Panahon ng Mga Lindol

- Kung nasa loob, huwag magmadaling lumabas o tumayo sa pintuan. Huwag na huwag gagamit ng mga elevator! Tandaan, DUMAPA, SUMUKLOB, at KUMAPIT.
- Kung nasa kama, manatili doon at TAKPAN ang iyong ulo ng unan.
- Kung nasa labas, lumayo sa anumang bagay na posibleng mahulog, lalo na sa mga linya ng kuryente, mga puno, mga ilaw sa kalye, at mga gusali.
- Kung nagmamaneho, huminto at hilahin ang brake sa pagparada. Siguruhing hihinto ka sa lugar na malayo sa mga puno, tulay, gusali, o linya ng kuryente.

#### Manatiling Alerto Pagkatapos ng Mga Lindol

- Maging handa sa mga aftershock sa loob ng ilang araw o linggo. Sa tuwing nakakaramdam ka ng pagyanig, DUMAPA, SUMUKLOB, at KUMAPIT.
- Makinig sa mga lokal na programa sa radyo at TV para sa maaasahang impormasyong pang-emergency at abangan ang mga opisyal na alerto sa emergency.
- Kung malapit sa baybayin, lumikas kaagad kapag huminto na ang pagyanig. Posibleng humantong ang mga lindol sa mga tsunami, at hindi ka dapat bumalik hangga't walang malinaw na anunsyo.
- Suriin kung may mga panganib sa paligid mo, kabilang ang mga pagtagas ng gas, mga naputol na linya ng kuryente, mga sirang tubo, at marami pa. Kung makakaamoy ka ng gas, ilikas kaagad ang lahat.
- Huwag pumasok sa mga nasirang gusali! Maghintay hanggang sabihin ng mga opisyal na ligtas ito, kahit na nangangahulugan iyong maghihintay ka sa isang silungan. Tawagan ang iyong mga lokal na awtoridad o mga awtoridad ng county para maghanap ng mga rutang palabas sa pinakamalapit na silungan.

